SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

# KAPASIYAHAN BLG. 2019-129

**"NAGBIBIGAY PAHINTULOT SA PUNONG BAYAN, IGG. FRANCIS ALBERT G. JUAN, NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN NG BUSTOS AT LUMAGDA SA *MEMORANDUM OF AGREEMENT* (MOA) SA PAGITAN NG PAMAHALAANG BAYAN AT ENVIRONMENTAL MANAGEMENT BUREAU – DEPARTMENT OF ENVIRONMENT AND NATURAL RESOURCES (EMB-DENR) NA NAUUKOL SA PHP530,642.86 DONASYON MULA SA EMB-DENR, PARA SA MATERIAL RECOVERY FACILITY (MRF)."**

---

*Pinagtibay sa mungkahi ni:*
**Igg. Melvin H. Melencio**
Tagapangulo
Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan

---

**SAPAGKA'T,** naghain ng kahilingan ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na mabigyang pahintulot na katawanin at lumagda sa isang Memorandum of Agreement sa pagitan ng Pamahalaang Bayan ng Bustos at Environmental Management Bureau - Department of Environment Natural Resources (EMB-DENR);

**SAPAGKA'T,** ang Ecological Solid Waste Management Act of 2000 (RA 9003) ay tumutukoy sa ecological waste management program, pagbubuo ng mga kinakailangang institutional mechanisms at incentives, at paglalaan ng pondo para dito at para sa iba pa;

**SAPAGKA'T,** ang EMB-DENR ay kinikilala ang epekto ng organisado at masinsinang waste recovery system at dahil ito ay pinagtibay bilang parte ng prayoridad sa paglilinis sa bayan ;

**SAPAGKA'T,** ang Seksyon 32 ng RA 9003 ay nagmamandato sa pagpapatayo ng Materials Recovery Facility (MRF) sa bawat barangay o kumpol (*cluster*) ng barangay;

**SAPAGKA'T**, ang Seksyon 20 ng RA 9275 ay sinasabing ang mga pamahalaang bayan ay responsable sa pamamahala at pagpapabuti ng kapaligaran;

**SAPAGKA'T**, sa masusing pag-aaral ng Lupon sa mga Alituntunin, Pananalapi at Pamamahala ng Kitambayan ay napatunayang ang kasunduang ito ay makakatulong sa Pamahalaang Bayan ng Bustos upang matugunan ang mga suliranin ukol sa kapaligiran.

**KUNG KAYA'T,** sa mungkahi ni **IGG. MELVIN H. MELENCIO** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyan pahintulot ang Punong Bayan, Igg. Francis Albert G. Juan, na katawanin ang pamahalaang bayan ng Bustos at lumagda sa *memorandum of agreement* (MOA) sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Environmental Management Bureau – Department of Environment and Natural Resources (EMB-DENR) na nauukol sa PhP530,642.86 donasyon mula sa EMB-DENR, para sa Material Recovery Facility (MRF).

**Sa PASUBALI,** na ang nasabing pondo ay gagamitin lamang sa pagpapatayo at pagmementina ng MRF at hindi maaaring gamitin sa anumang gastusin.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-22 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Labing Siyam sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni | **Jonalyn S. Ortega-Santos**<br>Kasangguni |
| **Toni Flor H. De Guzman**<br>Kasangguni | **Rosette G. Pangilinan**<br>Kasangguni |
| **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni | **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni |
| **Melvin H. Melencio**<br>Kasangguni | **Gemar Aldrich M. Cruz**<br>Kasangguni |

**Martin SJ. Angeles**
ABC President

**Angelica E. De Leon**
SK President

**Arnel F. Mendoza**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

—— ▪ ——

Pinatutunayan ko ang Kawastuhan at Katotohanan na ang nakatitik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-22 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Labing Siyam.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim